Ispesyal na Edisyon

Pebrero 2024

PRAYMER

Cha-cha ni Marcos Jr:
Isa pang maling hakbang

Sa lala ng krisis ng bansa, ang pagtutulak ng *Charter change* (Cha-cha) ang inaatupag ng kampong Marcos-Romualdez.

Mainit ang mga kontrobersya – sa pagitan ng Kamara at Senado, sa hiwalayang Marcos-Duterte, maski sa loob ng pamilya ng pangulo. Pero pinakakontrobersyal ang mga panukala mismo – nakapipinsala ang mga ito sa ekonomiya at demokrasya.

Kasalukuyang nireresolba ni Bongbong Marcos ang mga pagtatalo, pero sa manera lang ng Cha-cha at hindi para iurong ang mga panukala. Sa partikular pa nga, pinakakalma at pinagkakaisa niya ang Kongreso sa pagpokus lang daw ng Cha-cha sa higit pang pagbubukas ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan. Binibigyan-katwiran niya ang Cha-cha sa pagpipilit na dayuhang pamumuhunan ang kailangan natin para umunlad.

Akala yata ng mga nasa poder na uubra ang pangangako ng kaunlaran bilang pantabing sa pansarili nilang interes sa Cha-cha. Ang totoo, mismong ang pangangatwiran para sa ekonomiya ang magpapatingkad ng pagka-anti-mamamayan ng Cha-cha ni Marcos Jr.

IBON

114 Timog Avenue,
Quezon City,
1103 Philippines
Tels. +63 2 8927 7060 to 61
Fax +63 2 8929 2496
www.ibon.org

1 Ano ang Cha-cha sa ilalim ni Marcos Jr?

Walang pagkapinong iginagapang ang isang *people's initiative* (PI), ang pangangalap ng pirma ng 12% ng total na rehistradong botante, kunsaan dapat may 3% sa minimum ang pipirma sa bawat distrito. Itinatanggi ni Martin Romualdez, Speaker ng House of Representatives (HOR) at pinsan ng pangulo, na siya at kanyang mga alyado sa HOR ang nagpakana nito. Kalat na kalat ang bilihan ng mga pirma sa mga barangay, sa halagang Php100 kada pirma o kaya nama'y pagbibigay ng ayuda bilang kapalit. Ang mga nasa poder at ang may hawak ng pera ng bayan lang ang may kakayahan sa ganitong galawan. Malinaw lang na hindi ito inisyatiba ng mamamayan.

Hindi bago sa publiko ang pagtatangka ng isang administrasyon sa Cha-cha. Hindi rin bago ang PI. At sa lahat ng mga nagtangkang administrasyon, laging may pag-aalinlangan ang publiko sa Cha-cha dahil ang mga *amendment* na ipinapanukala ay lagi rin namang nagsisilbi sa sariling interes ng mga nasa kapangyarihan. Ganun pa rin ang Cha-cha ni Marcos Jr: ang pagpapahaba ng termino ng presidente, mga kongresista, gobernador at lokal na opisyal; ang paglusaw sa Senado at pagkakaroon ng pagkakahawig sa parlyamentarismo o pederalismo; at ang pagtanggal ng proteksyon sa ekonomiya para sa dayuhang pamumuhunan at malalaking lokal na negosyante.

Pero kakaiba ang PI sa ilalim ni Bongbong Marcos. Hindi nito tinatanong kung sang-ayon ba ang mga botante sa mga panukalang pagbabago sa 1987 Konstitusyon. Tinatanong lang kung payag ba sila na ang dalawang kapulungan ng Kongreso sa halip na magkahiwalay ay magkasanib na boboto sa mga panukala. Pinapipirma ang mga tao para lumarga ang isang proseso ng Constituent Assembly (ConAss) para sa Cha-cha, kunsaan sa boto ng ¾ ng mga miyembro ng pinagsanib na 316 Kongresista at 24 Senador ay pwede nang irebisa ang Konstitusyon. Ibig sabihin, magiging kontrolado ng HOR o Kamara ang Kongreso at mababalewala ang boses ng Senado.

Umalma ang mga Senador. Usapin ito ng pagkalusaw ng kanilang kapangyarihan at pagsantabi sa prinsipyo ng *checks and balances* sa

gobyerno, anila. Inilabas nila ang isang *manifesto* na nananawagan sa pagpapatigil sa PI hangga't hindi malinaw ang motibo nito. Nagpasaring na rin ang mga Senador ng isang bagay na halatang-halata naman sa simula pa lang – na si Speaker Martin Romualdez ang nasa likod ng PI. Pero gumugulong ang pagdinig ng Senado sa inendorso nilang panukala, ang Resolution of Both Houses (RBH) 6, na amyendahan ang mga probisyong pang-ekonomiya ng Konstitusyon. Nagbabangayan ang dalawang kapulungan.

Namagitan ang pangulo. Sa simula sinabi niya na hayaan na lang daw na iberipika ng Comelec ang mga pirma, ibig sabihin kinilala niya ang huwad na PI. Kalaunan ay sinabi niya na napopolitika na raw ang Cha-cha gayong ang gusto lang naman niya ay ma-amyendahan ang mga probisyong pang-ekonomiya ng Konstitusyon. Kumonsulta pa siya sa mga pantas sa batas sa kung ano ba ang tama at katanggap-tanggap na manera ng botohan.

Ang totoo, pawang mga pansariling interes lang din ang makakamit ng gobyernong Marcos Jr sa kunwaring pagpokus lang ng Cha-cha sa mga probisyong pang-ekonomiya. Una, kapag naresolbahan na ang manera ng botohan, halimbawa hiwalay na boboto ang dalawang kapulungan ng Kongreso, wala nang makapipigil na mabuksan din ang deliberasyon sa mga panukalang pampolitika. Pangalawa, ang pagbibigay pabor sa dayuhan at mga lokal na oligarkiya sa ekonomiya, kasama ang mga malalapit kay Bongbong Marcos at kanyang pamilya, ang magbibigay dahilan sa kanyang pagkapangulo at pagpapatuloy nito.

Kaya kahit sabihin na natin na totoong probisyong pang-ekonomiya lang talaga ang Cha-cha ni Marcos Jr, kasimpanganib din ito ng kanyang paghahangad ng matagalang kapangyarihan. Iisa ang tono ng pangulo at ng mga politikong nagtutulak ng Cha-cha – kailangang todo-buksan ang ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan para umunlad ang Pilipinas, kaso mahigpit ang mga probisyong pang-ekonomiya ng Konstitusyon. Kapag niluwagan ang mga ito, ayon kay Romualdez, mapapakawalan ng ekonomiya ang kanyang buong potensyal. Kapag na-amyendahan ang mga ito, maitutuon ang mga patakarang pang-ekonomiya sa pangangailangan ng globalisasyon, ayon sa RBH6. Hindi isinulat ang 1987 Konstitusyon para sa globalisadong mundo, ayon naman sa pangulo.

Sa ganitong pangangatwiran, mabubuksan ang diskusyon sa mga dati nang naipanukalang alisin ang mga sagka sa pagbili, pagmamay-ari at kontrol ng dayuhan sa mga larangan tulad ng sumusunod: 100% na siyasatin, paunlarin at gamitin ang likas-yaman ng Pilipinas; lupa sa bansa; kuryente, tubig at iba pang pampublikong yutilidad katulad ng transportasyon; eskwelahan, at *mass media and advertising*. Ipinapanukala rin na alisin ang proteksyon: sa mga manggagawa at sa kanilang karapatan sa nakabubuhay na sahod at hati sa tubo sa produksyon; sa mga maralitang lungsod na hindi sila makararanas ng di-makatarungang demolisyon; at sa mga kabataan, nakatatanda at kababaihan na sila ay may representasyon sa lokal na pamahalaan. Inaalis na rin ang probisyon na maaaring habulin ang ninakaw na yaman ng mga Marcos at kanilang mga kroni.

2 Gaano katotoo na kailangan natin ang Cha-cha para buksan ang ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan?

Mali ang paniniwala na sarado o masyadong mahigpit ang bansa sa dayuhang pamumuhunan. Halos 50 taon nang ipinapatupad ang mga patakarang neoliberal sa Pilipinas na siyang sistematikong nagbubukas ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan.

Neoliberalismo ang liberalisasyon ng dayuhang kapital at produkto; pribatisasyon o pagbubukas ng pampublikong sektor katulad ng mga pampublikong yutilidad at serbisyo sa pamumuhunan ng dayuhan at pribadong korporasyon; at deregulasyon o pag-alis ng gobyerno ng kanyang regulasyon o kontrol sa mga sektor na ibinukas sa dayuhan at pribadong pamumuhunan.

Pagkatapos ng 1987 Konstitusyon, tuloy-tuloy lang din ang pagpasa ng mga administrasyon ng neoliberal na mga batas na direktang paglabag sa Konstitusyon. Matingkad na halimbawa ang pagbubukas ng mga minahan sa 100% dayuhang pagmamay-ari sa ilalim ng Philippine Mining Act of 1995. Makailang beses isinampa sa Supreme Court ng nakikibakang mamamayan ang petisyon na iurong ang batas dahil nilalabag nito ang Konstitusyon. Pero nanaig pa rin ang Mining Act.

Halos lahat ng mahahalagang sektor ng ekonomiya ay nabuksan na sa dayuhang pamumuhunan sa pagpasok pa lang ng dekada 90 mula sa amendment ng Foreign Investment Act noong 1991 hanggang sa pagpapalawig pa nito noong 2022. Binuksan din sa dayuhang pamumuhunan ang nalalabing 100% na Pilipinong industriya ng pagtitingi, kunsaan maraming maliliit na negosyante, sa pamamagitan ng Retail Trade Liberalization Act noong 2000 na higit pang pinalawig noong 2021. Maaari na ring 100% na magmay-ari ang dayuhan ng mga lokal na bangko nang ma-amyendahan noong 2014 ang Foreign Bank Liberalization Act of 1994 na may kaunti pang restriksyon na 60-40 sa nakaraan.

Kamakailan din ang amendment ng Public Service Act kunsaan pinayagan ang 100% pagmamay-ari ng dayuhan sa mga *airports, railways, expressways, shipping*, at *telecommunications*. Binuksan din ang bagong inilalakong sektor ng pangulo, ang *renewable energy*. Ang nalalabing mahahalagang sektor na lamang na may restriksyon ay ang *electricity transmission and distribution*, *petroleum, water and wastewater pipelines*, *seaports, public utility vehicles*, eskwelahan, at mass media and advertising. Sa deliberasyon ng Cha-cha ni Marcos Jr, ang mga ito ang isasalang.

Mas maluwag na ang Pilipinas sa dayuhang pamumuhunan kaysa Vietnam, Thailand, Indonesia, at Malaysia. Mataas pa ang restriksyon sa mga bansang ito laluna sa mahahalagang sektor ng langis, pagmimina, kuryente, pagbabangko, *insurance*, airports, railways, konstruksyon, pagtitingi, telecommunications, turismo, at kalusugan.

Bumuhos ang dayuhang pamumuhunan sa bansa mula 1987. Lumaki nang 40 beses ang *foreign direct investment* (FDI) stock mula US$2.8 bilyon noong 1987 tungong US$113 bilyon noong 2022. Bilang bahagi ng ekonomiya, lumaki ang FDI stock mula 7.4% ng *gross domestic product* (GDP) noong 1987 tungong 28% noong 2022.

Bukas na bukas na ang Pilipinas sa dayuhang pamumuhunan pero nananatili itong atrasado, lugmok sa lumalalim na panlipunang krisis, at kulelat sa mga karatig-bansang nabanggit. Malinaw na hindi ang Konstitusyon ang dapat irebisa ng pamahalaan para umunlad ang ekonomiya kundi mismo ang obsesyon nito sa neoliberalismo. Dating kinilala sa nakaeengganyong

katagang ‘globalisasyon’ ang neoliberalismo, na para bang demokratikong magdudulot ito ng kasaganaan para sa lahat, pero nasira ang katagang ito sa tindi ng pinagdaanang krisis ng daigdig. Kaya nang muling gamitin ito ng pangulo at ng mga nagtutulak ng Cha-cha, hindi lang tunog-laos kundi sadyang wala sa tono.

3 Bakit baluktot ang pangangatwiran na dayuhang pamumuhunan ang kailangan ng Pilipinas para umunlad, kung kaya’t dapat buksan ang ekonomiya?

Ang matinding paniniwala ng gobyerno ng Pilipinas sa dikta ng kanyang mga among dayuhan ay hangga’t dumarami ang dayuhang pamumuhunan, lalong umuunlad ang bansa; na ang mga dayuhan ang makakapagpaunlad sa Pilipinas; na kapag maluwag ang bansa dadami ang gustong mamuhunan; na ang pag-unlad ay nakasalalay sa pagbubukas ng ekonomiya. Dugtong pa ng mga nagpapanukala ng Cha-cha: lumilikha ng trabaho, nagpapataas ng sweldo at kita, at nagpapababa ng presyo ang dayuhang pamumuhunan.

Una sa lahat, katulad ng nabanggit, apaw na sa FDI ang bansa; 100% nang bukas ang manupaktura sa dayuhang pamumuhunan kung saan pumupunta ang karaniwang 36% ng FDI. Sa nakaraang 2011-2022, 52% ng *approved investments* sa manupaktura ng Pilipinas ay dayuhan. Kalakhan pa nito ay nasa *exports manufacturing* na gumagamit ng mga *imported components* na ipinapasok rin naman ng dayuhang namumuhunan, dahilan kung bakit kroniko ang depisito sa ating kalakalan. Walang masasabing industriyalisasyong nagaganap. Sa katunayan, 17.9% na lang ng GDP ang manupaktura, pinakamaliit sa loob ng 75 taon, at 7.3% na lang ang bahagi nito sa empleyo, pinakamaliit sa kasaysayan. Dinudugo ang kalagayan ng mga manggagawa sa manupaktura.

Bilang bahagi ng GDP, mas marami nang FDI ang Pilipinas noong 2022 kaysa China, South Korea, at Taiwan sa panahon ng pag-arangkada ng ekonomiya ng mga bansang ito noong dekada 70 at 80. Pero walang pag-arangkadang nagaganap sa Pilipinas. Tuloy-tuloy lang ang pag-urong ng manupaktura at agrikultura at paglihis ng ekonomiya sa tahak ng industriyalisasyon at pag-unlad.

Bilyon-bilyon na rin ang mga pamumuhunang pumasok sa bansa, nagtagal nang deka-dekada, at lumikha ng mga trabaho, katulad ng Intel sa *electronics*, Hanjin sa *shipbuilding*, at Shell at Chevron sa paglinang ng *natural gas*. Pero natapos at nag-alisan lang din ang mga ito, nagtanggalan ng mga manggagawa, at walang iniwang lokal na kapasidad sa mga nabanggit na industriya.

Wala sa kakulangan ng pumapasok na dayuhang pamumuhunan ang problema. Nasa kakulangan ng malayong tanaw ng pamahalaan para sa pambansang industriyalisasyon. Wala sa pagpasok mismo ng dayuhang pamumuhunan ang problema, kundi nasa kung saan at paano ito ginagamit ng pamahalaan. Ang problema, sa prinsipyo ng *'free market'* sa ilalim ng bangkaroteng pananaw ng globalisasyon, hinahayaan lang ng pamahalaan na ang interes ng namumuhunan ang manaig – ang tumubo mula sa murang hilaw na materyales o murang importasyon nito, murang lakas-paggawa, murang imprastraktura, palengkeng walang mapagpilian, at lokal na ekonomiyang walang kakayahang makipagsabayan.

Iniiwang luhaan ang Pilipinas. Kapag gusto na ng mga dayuhang namumuhunan na umalis at naakit na ng mas kaiga-igayang lokasyon ng kanilang pamumuhunan, na siya namang katangian ng kapital para sa tubo, iniiwan nila ang bangkarote at atrasadong ekonomiya na walang teknolohiyang natutunan at walang lokal na materyales na nalinang para sa sarili, ang palagiang krisis sa trabaho, at ang nanunuot na kahirapan.

Pangalawa, hindi ang pagbawas ng restriksyon sa dayuhang pamumuhunan ang magpaparami ng dayuhang pamumuhunan. Makikita sa *FDI restrictiveness index* ng Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD) na ang dami ng restriksyon ay walang relasyon sa antas ng pumapasok na FDI. Walang batayan ang paniniwalang "mas konting restriksyon, mas maraming dayuhang pamumuhunan ang papasok". Mas liberal na ang Pilipinas kaysa Thailand, Indonesia o Vietnam, katulad ng nabanggit, pero bakit mas kaunti pa rin ang FDI na pumapasok sa Pilipinas?

May mga hinahanap ang dayuhang namumuhunan. May mga pakinabang at risgo na binabalanse, mga regulasyon na iniiwasan o obligadong sundin, mga sektor na mas gusto – anupaman, lahat ay para sa mas malaking tubo.

Ano-ano ba ang mga salik na ito? Hindi sinasabi ng pag-aaral ng OECD at hindi na mahalagang malaman. Ang mahalaga'y hindi dapat ang paghahanap ng kiliti at gusto ng dayuhan ang inaatupag ng isang gobyerno, kundi paano pagaganahin ang lahat ng nariyang kapital para lokal na iprodyus ang mga pangangailangan ng bayan.

Pangatlo, kontra-agos ang gobyernong Marcos Jr sa paniniwalang kailangan nating makasabay sa kumpas ng globalisasyon at kung hindi ay mapag-iiwanan ang Pilipinas. Hindi inaaral ng ganitong pangangatwiran ang matagalang krisis ng pandaigdigang ekonomiya kunsaan pabagal nang pabagal ang kalakalan at pamumuhunan. Bagamat hindi inuurungan ng mga imperyalistang bansa ang kanilang mga linya ng produksyon na nakakalat sa buong mundo, itinataas naman nila ngayon ang proteksyonismo sa kani-kanilang bansa. Nangunguna ang US para itulak ang imperyalistang adyenda nito, sa partikular para pigilan ang pag-ungos ng China na ang esensya ng patakarang pang-ekonomiya ay interbensyon ng estado at proteksyonismo. Nagsunuran rin ang mga bansa sa European Union (EU) at ang Japan sa bagong kalakaran ng proteksyonismo.

Pero hindi lang ang mga abanseng bansa ang tumalikod sa mga patakarang liberalisasyon ng kapital. Labinlimang taon makalipas ang pandaigidigang krisis sa pinansya noong 2008, bilang praktikal na tugon sa krisis, may mahigit 60 bansa ang tumapos ng mahigit 400 internasyonal na kasunduan sa pamumuhunan, ayon sa United Nations Conference on Trade and Development (UNCTAD). Dumami rin ang restriksyon at regulasyon sa pamumuhunan, na noong 2003-2007 ay 16% lang ng kabuuang bilang ng interbensyon ng mga estado, at umabot na ng 42% noong 2021. Samantala, mula 2008, pumirma pa ang Pilipinas ng tatlong panibagong kasunduan sa liberalisasyon at may 41 pang umiiral na internasyonal na kasunduan sa pamumuhunan. Ngayon, itinutulak ng gobyernong Marcos Jr ang Cha-cha dahil tayo na lang daw ang bansang ang mga restriksyon sa ekonomiya ay nasa Konstitusyon mismo.

Panghuli, umunlad ang ibang bansa mismo dahil sa halip na liberalisasyon ng dayuhang pamumuhunan ang kanilang ginawa, kontrol at regulasyon nito ang kanilang naging patakaran. Ipinagbawal ng US ang dayuhan sa pagmamay-ari ng lupa, sa kanyang mga minahan, pagtrotroso, mga bangko,

at shipping. Ang taas din ng pagbubuwis nito sa FDI at taripa sa manupaktura. Ipinagbawal sa Japan ang dayuhang pamumuhunan sa mga mahahalagang industriya; hanggang 50% lang ang pinapayagan sa mga *joint ventures.* Nanatiling mahigpit ang China sa dayuhang pamumuhunan at pagmamay-ari, sinisino nito ang FDI, at inuuna ang lokal na mga kompanya at *state-owned enterprises* (SOEs). Ipinagbawal sa 50% ng mga industriya at 20% ng manupaktura ang dayuhang pamumuhunan sa South Korea. Maliit man ang porsyento ng restriksyon, sinisiguro nito na may pagsalin ng teknolohiya para sa lokal na industriya at paggamit ng lokal na materyales. Sa halip, paubaya lang ang gobyernong Marcos Jr, sa kapahamakan ng sambayanan.

4 Kung ganon, ano ang kailangan ng Pilipinas para umunlad?

Hindi Cha-cha ang sagot sa ating kinakaharap na mga problema.

Napakabilis ituro ng mga politiko, *economic managers* at naturingang *analysts,* at ng pangulo, na ang restriksyon sa 1987 Konstitusyon ang dahilan kung bakit atrasado ang ekonomiya at naghihirap ang sambayanan.

Ang Konstitusyon ba ang dahilan kung bakit kinakaharap ng bansa ang malawakang kawalan ng trabaho, permanenteng implasyon, pagdausdos ng sahod, pagbagal ng ekonomiya, kawalan ng industriyalisasyon, krisis ng gobyerno sa pinansya at pagkabaon nito sa utang? Dahil ba sa Konstitusyon kung bakit ang mga maliliit na negosyante ay naghihikahos at laging nasa bingit ng pagkabangkarote? Ang mga restriksyon ba sa ekonomiya ang dahilan ng kawalan ng lupa ng mga nagsasaka, sapat na panlipunang serbisyo, at matinong sistema ng edukasyon, kalusugan at pabahay? Bakit may lumalapad na agwat ng mayaman at mahirap sa bansa, kunsaan tumatabo ng tubo at lumalaki ang yaman ng mga oligarkiyang pamilya kahit sa panahon ng pandemya? Ang Konstitusyon ba ang nagtakda na magpakasasa sila sa binuyangyang na ekonomiya? Kung hindi, walang dahilan na ito ang pagkaabalahan ng pamahalaan.

Mayroon na bang mga patakaran o batas na ipinasa ng mga nagdaan o kasalukuyang administrasyon na magpapataas sa sahod ng mga

manggagawa sa antas na nakabubuhay? Mayroon bang ehekutibong resolusyon na taasan ang badyet para sa panlipunang serbisyo at proteksyon? May proteksyong batas ba para sa mga lokal na negosyante at ekonomiya? Binubuwisan ba nang tama ang mga super-mayaman at korporasyon? May patakaran o plano bang pang-industriyalisasyon ang gobyernong Marcos Jr? Kung wala, walang karapatan ang gobyernong Marcos Jr na pagdiskitahan pa ang pinakamataas na batas ng bansa.

Tatlumpu't anim na taon na ang Konstitusyon. Hindi ito perpekto pero kinikilala nito ang kahalagahan ng aktibong interbensyon ng estado para pagsilbihin ang ekonomiya sa ikauunlad ng bayan. Nasa kasalukuyang Konstitusyon ang pagkilala sa mga ideyal ng pagkakapantay-pantay, kasarinlan, at karapatan. Kung hindi naman mareresolbahan ng Cha-cha ni Marcos Jr ang mga katanungang nabanggit, wawasakin lang nito ang mga nalalabing aspirasyon para sa isang demokratiko, malaya at makapangyarihang nasyon.

Kailangan ng Pilipinas ng tunay na repormang agraryo, pambansang industriyalisasyon, proteksyon sa kanyang likas-yaman para siguraduhin ang sustenableng pag-unlad, pagkilala sa mga karapatan ng masang anakpawis, mahusay na paggamit ng kapital para sa pag-unlad, at nagsasariling patakarang panlabas. Kailangan ng mga programang ito ang isang malakas na papel ng estado, ng isang malakas na estado. Hindi ang Cha-cha ni Marcos Jr ang kailangan sa pag-unlad, hindi ang gobyernong Marcos Jr.